# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG DISYEMBRE 04, 2023, LUNES, IKA-9:27 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 01/09/24 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 09 JAN 2024 Santa Cruz, Laguna

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

**KAPASIYAHAN BLG. 401-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 58-T2023 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 03-T2023 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN TATLUMPU'T LIMANG LIBO PITUMPU'T PITONG PISO AT TATLUMPU'T LIMANG PISO AT TATLUMPU'T LIMANG SENTIMOS (P135,077.35) MULA SA LIMANG BAHAGDAN (5%) PONDO SA KALAMIDAD NANG TAONG 2024 PARA SA BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION MANAGEMENT (BDRRM) PLAN NG BARANGAY JASAAN, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** ang Kapasiyahan Blg. 58-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T2023 ng Barangay Jasaan ay iniliwat sa sangguniang ito, na nagpapatibay ng halagang P135,077.35 mula sa Limang Bahagdang (5%) Pondong Kalamidad nang taong 2024 para sa BDRRM Plan, na ang 70% nito ay inilaan sa Disaster Preparedness (P94,554.15) at ang 30% naman ay para sa Quick Response (P40,523.20) ng Barangay Jasaan, ayon sa pagsunod sa Philippine Disaster Risk Reduction Management Act of 2010 o RA 10121;

**SAPAGKAT**, ito ay tinalakay ng mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng paglalaan ng pondo para sa paghahanda at biglaang pangangailangan ng barangay ay iminungkahi ng Tagapamuno ng kaukulang lupon ang pagpapatibay sa nasabing kapasiyahan ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Lea A. Almarvez at Kgg. Mark Anthony M. Juangco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 58-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T2023 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P135,077.35 mula sa Limang Bahagdan (5%) Pondo sa Kalamidad nang taong 2024 para sa Barangay Disaster Risk Reduction Management (BDRRM) Plan ng Barangay Jasaan, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS** : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay Jasaan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Disyembre 04, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

1/15/24

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

0104247